Republic of the Philippines
Province of Laguna
MUNICIPALITY OF SANTA CRUZ

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA- 27 NG DISYEMBRE, 2000, MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:50 NG UMAGA.

DUMALO:

KGG. HEIDI S. CIRIACO .................................... Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. .................................... Kagawad
Kgg. Florencio C. Odejar .................................... Kagawad
Kgg. Ricardo B. Ramirez .................................... Kagawad
Kgg. Bernardo E. Ison .................................... Kagawad
Kgg. Louie C. de Leon .................................... Kagawad
Kgg. Ariel T. Magcalas .................................... Kagawad
Kgg. Edgardo T. Porca .................................... Kagawad
Kgg. Jaime Alexander T. Calupitan .................................... Kagawad
Kgg. Jeffrey A. Villaseñor .................................... Kagawad

DI-DUMALO

Kgg. Angelito U. Limjuco .................................... Kagawad

## *KAPASIYAHAN BLG. 386-T'2000*

***KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 14-T'2000 NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) NA NAGLILIWAT NG HALAGANG LIMANDAANG LIBONG PISO (P500,000.00) MULA SA PONDONG INPRAESTRAKTURA NG 20% DEVELOPMENT FUND UPANG ILAAN SA PAGPAPAGAWA (TOTAL REPAIR) NG ALIPIT HANGING BRIDGE SA BARANGAY ALIPIT AT PAGPAPAGAWA NG WAITING SHED SA LAGUNA STATE POLYTECHNIC COLLEGE (LSPC, DATING LCAT) SA BARANGAY BUBUKAL, BAYANG ITO.***

*SAPAGKA'T*, sa pagtalakay ng sangguniang ito sa Kapasiyahan Blg. 14-T'2000 ng MDC ay napag-alaman ang kahalagahan ng pagliliwat ng halagang P500,000.00 mula sa pondong inpraestraktura ng 20% development fund upang matugunan ang matinding pangangailangan ng mga mamamayan ng Brgy. Alipit, gayundin ay makapaglagay ng pook-hintayan para sa mga mag-aaral ng LSPC na lubhang kinakailangan sa panahon ng tag-ulan, ayon sa isinasaad ng naturang kapasiyahan;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO*, sa mungkahi ng Kgg. Kag. Jaime Alexander T. Calupitan, na pinangalawahan ng mga Kgg. Kag. Florencio C. Odejar at Louie C. de Leon at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 14-T'2000 ng Municipal Development Council na nagliliwat ng halagang P500,000.00 mula sa pondong Inpraestraktura ng 20% development fund upang ilaan sa pagpapagwa (total repair) ng Alipit Hanging Bridge sa Barangay Alipit at pagpapagawa ng waiting shed sa Laguna State Polytechnic College (LSPC, dating LCAT) sa Brgy. Bubukal.

*INIUUTOS* : Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Tagatuos, Pambayang Inhinyero at Local Development Council, bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

PINAGTITIBAY.

PINATUTUNAYAN kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO: KGG. HEIDI S. CIRIACO
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: KGG. DOMINGO G. PANGANIBAN